

Triangles

Ang Triangles ay isang gawain ng mga taong may mabuting loob na nananalig sa kapangyarihan ng panalagin. Ito'y ginagawa ng isang pangkat ng tatlo, at naglalayon na buhayin ang kapatiran sa buong sangkatauhan sa pamamagitan ng pagbuo ng isang network ng liwanag at kabutihan.

Layunin:

Mayroong tadhanang nailaan ang Diyos sa mundo. Ito ang layunin sa likod ng mga pangyayari sa ating pangaraw-araw na buhay. Ang Layuning ito ay maari nating tawaging ang plano ng Diyos.

Ang Lahat ng nagnanais na makiisa sa dakilang layuning ito ay binibigyan ng pagkakataon sa kanikanilang buhay.

Ang planong ito ay matutupad lamang sa tulong ng sangkatauhan. Tayo ay may responsibilidad na unawain at isa-buhay ang planong ito.

Nakakatulong ang triangles sa katuparan ng plano ng Diyos sa pamamagitan ng:

- Sa paggising ng kapatiran sa buong sangkatauhan sa pamamagitan ng pagkalat ng kabutihan at unawaan sa mga tao.
- Sa Paggising sa mataas na kamalyan ng sangkatauhan at sa paglilinis ng diwa at kaisipan sa buong mundo.
- Pagpapalakas ng mga gawain ng mga taong may mabuting loob.
- Upang lumikha ng mabuting kaisipan sa mga tao at magising ang pagnanais na gumawa ng kabutihan sa pangaraw-araw na pamumuhay.

Programme:

Ang triangles ay naglalayon na lumikha ng ugnayan sa mga taong may mabubuting loob na walang pakundangan sa lahi, relihiyon, nationalidad, estado sa buhay at politika. Ito ay naglalayon na lumikha ng isang network ng liwanag at kabutihan na bubuhay sa diwa ng kapatiran sa buong mundo.

- Inaanyayahan at tinutulungan ang mga taong may mabuting kalooban upang buomuo ng triangles sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga babasahin at pagpapaliwang ng gawaing ito.
- Nagpapanatili ng website (www.triangles.org) at bulletin board upang tulungan makahanap ng mga kasapi sa pagbuo ng triangles
- Naglilimbag ng bulletin. Ang bulleting ito ay pinadadala sa lahat ng kasapi ng triangles at sa mga taong may nais makatulong sa gawaing ito.
- Nagpapadala rin ng ilang babasahin ukol sa mga araling spiritual at educational

- Nanghihikayat sa pagbuo ng mga units of service kung saan makakapagtulungan ang mga taong may mabubuting hangarin.
- Tumutulong sa pagorganisa ng world day of invocation.

Ang gawain ng triangles:

Sa panahong ito, marami na ang nakauunawa sa kapangyarihan ng panalangin. Ang kapangyarihang ito ay maaring gagamitin para sa kabutihan upang tumugon sa spiritual na pangangailangan ng mundo

Ang triangle ay isang groupong binubuo ng tatlong kasapi na bumubuo ng ugnayan sa kanilang kaisipan ilang sandal sa isang araw. Hindi kinakailangang sa isang lugar lamang nakatira ang bawat miyembro, sa katunayan maraming triangles ang binubuo ng mga kasaping mula pa sa iba't-ibang panig ng mundo.

Bawat araw, ang lahat ng kasapi ay naglalaan ng ilang sandali upang bumuo ng ugnayan sa kaisipan sa bawat kasapi ng triangle. Ipinagdarasal nilang lumukob ang enerhiya ng liwanag at kabutihan sa mundo, at sinasaisip na ito'y dumadaloy sa bawat kasapi ng triangle, at kumakalat sa lahat ng triangles sa buong mundo. Ginagawa nila ito habang dinarasal ang dakilang panawagan, upang makabuo ng daluyan ng lakas ng liwanag at pagmamahal patungo sa sanlibutan

Ang gawaing ito ay nangagailangan lamang ng ilang sandali sa isang araw, at pwedeng maisingit kahit gaano man kabaala sa pangaraw-araw na buhay. Hindi kinakailangang gawin ito sa magkakaparehong oras, dahil ito'y binubuo sa isip at diwa ng mga kasapi, ito'y nagkakabisa sa twing gagawain ng isang kasapi.

Lahat ng taong may mabuting loob at nagnanais na sumunod sa gawaing nabangit ay malayang inaanyayahan sa gawaing ito. Hindi kinakailangan ng kung ano pa man liban sa hangaring makapaglinkod sa sangkatauhan. Ang mga gastusin para sa gawaing ito ay nakukuha sa malayang donasyon ng mga miyembro.

Ang Dakilang panawagan

Ang dakilang panawagan ay isang pandaigdigang panalangin na naisalin sa mahigit pitongpo at limang lenguahe. Ito ay ginagamit ng lahat ng triangles. It ay nagsasaad ng mga katotohang:

- Na mayroong isang kamalayan at kaisipan na maari nating tawaging Diyos
- Na mayroong spiritual na plano ang Diyos- isang plano na ang hangarin ay pagmamahal
- Na may isang dakilang nilalang na tinatawag na kristo ng mga kristiano- Ang Guro ng Daigdig- ay dumating at nagsabuhay sa nasabing pagmamahal at nagpamalas na ang pagmamahal at karunungan sa dakilang layunin ng Diyos. Maraming relihiyon ang naniniwala sa Guro ng Daigdig na tinatawag sa iba't-ibang pangalan tulad ng Lord Maitreya, Ang Imam Mahdi, At ang messias.

- Ang katotohanang sa pamamagitan lamang ng sangkatauhan matutupad ang dakilang plano ng Diyos.

Ang Dakilang Panawagan *(Filipino / Tagalog version of the Great Invocation)*

Mula sa lundo ng Liwanag sa Isip ng Dios
Nawa'y dumaloy ang Liwanag sa isip ng bawat tao.
Nawa'y manahan ang Liwanag sa Mundo.

Mula sa lundo ng Pagmamahal sa Puso ng Dios
Nawa'y dumaloy ang Pagmamahal sa puso ng bawat tao.
Nawa'y magbalik ang Kristo sa Mundo.

Mula sa kaibuturan ng nakababatid ng Dakilang Layunin ng Dios
Nawa'y ang layuning ito ang siyang gumabay sa bawat tao -
Ang layunin na nababatid at pinaglilingkuran ng mga Santo.

Mula sa kaibuturan na kung tawagin ay lahi ng tao
Nawa'y ang Plano ng Pagmamahal at Liwanag ang maghari sa bawat tao
At nawa'y sarhan nito ang lagusan ng kasamaan sa mundo.

Nawa'y ang Liwanag at Pagmamahal at Kapangyarihan ang magpanumbalik ng Plano
ng Dios sa Mundo.

Triangles

Simple ngunit makabuluhan ang gawain ng triangles. Upang lubusang maunawaan ang gawaing ito tandaan lamang ang mga sumusunod:

-Ano ba ang Triangles? Ang Triangles ay isang gawain na naglalayon na lumikha ng isang network ng liwanag at kabutihan na babalot sa buong mundo.

-Bakit isang network? Ang network ang magsisilbing daluyan o daanan ng liwanag at kabutihan na tinatawag o pinagdarasal ng mga kasapi ng triangles.

-Bakit Triangle? Ang Triangle ay isang simpleng korteo hugis na may may malalim na pakahulugang ispiritual. Ito ay ginagamit na simbolo ng tatlong persona ng Diyos. Tatlong kasapi lang din ang kailangan upang mabuo ito at magsilbeng mga sentro kung saan dadaloy ang spiritual na enerhiya.

-Ano ang bumubuo sa network? Ang network ay binubuo ng "lighted mental substance" kung saan dumadaloy ang lakas o enerhiya ng kabutihan.

-Paano ito nabubuo? Ang network ay nabubuo sa pamamagitan ng araw-araw na gawain ng bawat kasapi ng triangle.

-Paano ito ginagawa? Ang bawat kasapi ay bubuo ng uganyan sa isip at layunin ng bawat kasapi ng triangle, o triangles. Isasaisip nila ang enerhiya ng liwanag at kabutihan ay dumadaloy mula sa bawat sulok ng triangle. Matapos nito isasaisip nilang dumadaloy ang nasabing enerhiya patungo sa pandaigdigang network ng mga triangles. Mataimtim nila ngyong dadasalin o bibigkasin ang dakilang panawagan.

-bakit gagamitin ang Dakilang Panawagan? Ang Dakilang panawagan ay isang panalagin na siyang tumatawag at nagpapakilos sa enerhiya ng liwanag at kabutihan na siyang bumubuhay o nagbibigay bisa buong network.

-Ano ang motibo o layunin sa pagsali sa triangles? Ang motibo o layunin ay hindi pansarili bagkus ito'y para sa paglilingkod sa sangkatauhan.

-Paano Lumalaki at lumalakas ang network? A. Ang bawat kasapi ng triangle ay may responsibilidad na himukin ang interest ng mga taong may mabuting loob sa ganitong uri ng gawain. Sila'y inaanyayahang bumuo rin ng sarili nilang mga triangle upang lumaki ang bilang ng network. B. Ang Lakas ng triangle ay dumedepende sa araw-araw na gawain ng mga kasapi nito. At mula sa lakas ng bawat isang triangle naman nakasalalay ang lakas ng buong triangle network.

- Paano ito naipagpapatuloy? Ang bawat kasapi ng isang triangle unit ay inaasahang makipaguganayn ng direkta o sa pamamagitan ng sulat sa iba pang kasapi ng triangle. Ito ay upang masiguro na patuloy pa rin ang kanilang triangle unit.

-Sino-sinu ang maaring sumali? Lahat ng mga taong may mabuting loob at angking talino ay maaring at inaanyayahang sumali sa gawaing ito. Hindi inaalintana ng gawaing ito ang pagkakaiba-iba dahil sa lahi, relihiyon, estado sa buhay at nasyonalidad. Ang lahat ng taong may mabuting loob ay inaanyayahan sa gawaing ito.

-ang triangles ba ay isang uri ng relihiyon? Ang triangles ay hindi connectado o nalilimitahan ng kahit ano mang relihiyon. Ito'y isang proyektong spiritual na kinabibilangan ng lahat ng uri ng tao.

Ang gawain ng triangles, samakatwid, Ay isang servicio sa sangkatauhan. Ito'y ginagawa sa diwa mg kapatiran , upang magising at lumakas ang daloy ng liwanag at kabutihan sa buong mundo.

Triangles
120 Wall Street
24th Floor
New York
NY 10005
USA

newyork@lucistrust.org
www.lucistrust.org